



Toolkit para sa Edukasyon ng Botante sa High School

Minamahal naming High School Administrative Team,

Ang pangalan ko ay Lauren Crane at ako ay isang estudyante ng high school sa Academy of Our Lady of Peace. Sa paghangad ng aking Girl Scout Gold Award, nakipagtulungan ako sa Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng San Diego para gumawa ng isang Toolkit para sa Edukasyon ng Botante na dinisenyo para sa mga estudyante ng high school.

Itinatampok sa toolkit na ito ang mga social media post at flyer upang hikayatin ang mga estudyante na mag-pre-register at magparehistro para makaboto at gayundin para turuan sila kung bakit ang prosesong ito ay importante. Ginawa namin itong mga toolkit para sa mga high school na nasa County ng San Diego para gamitin sa pamamagitan ng pag-post ng mga nagawang materyales sa social media at sa palibot ng campus.

Ang dahilan kung bakit ang Tagapagrehistro ng mga Botante ng San Diego at ako ay nagpasyang gumawa ng mga toolkit na ito ay upang tugunan ang isyu ng mababang turnout ng mga botante sa mga kabataan. Ang High School Voter Education Toolkit ay magsisilbi bilang daan para maparami ang rehistrasyon ng botante at turnout sa mga kabataan sa pamamagitan ng paghikayat sa mga kabataan na may mga edad na 16-17 na mag-pre-register para makaboto ng sa ganun sila ay magiging handa sa pagboto sa mga eleksyon sa oras na sila ay tumuntong sa edad na 18.

Upang gumawa ng mga social media post na makakapaghikayat sa mga estudyante ng high school, nagdaos ako ng isang focus group kasama ang mga estudyante ng high school sa San Diego upang suriin kung ano ang nakakapag-attract sa kanila sa social media. Pagkatapos, ginamit ko itong feedback upang gumawa ng mga social media post sa tulong ng graphic designer, Stephanie Hoyle.

Sa pamamagitan ng pag-post ng isa sa aming mga social media design kasama ang isang inirekomendang caption, ang mga estudyante ay gaganahang mag-pre-register/magparehistro para makaboto dahil itong impormasyon na dumarating sa kanila ay galing sa isang pinagkakatiwalaang source.

Isa pang magandang pamamaraan upang maipakalat ang salita tungkol sa pre-registering/pagpaparehistro para makaboto, ay paghingi ng tulong sa club na pinapatakbo ng estudyante na maaaring interesado na gawin ito bilang isang proyekto.

Maraming salamat sa inyong konsiderasyon at sa pagpapahalaga sa karapatan na bumoto ng mga estudyante.

Tapat na Sumasainyo,
Lauren Crane